# Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Diyos Yugto 52
# Makisama sa Tamang Pakikipagkaibigan sa mga Tao

"1 Si Josaphat nga ay nagkaroon ng kayamanan, at dangal na sagana; at siya'y nakipagkamaganak kay Achab.2 At pagkatapos ng ilang taon, kaniyang nilusong si Achab sa Samaria. At ipinagpatay siya ni Achab ng mga tupa at baka na sagana, at ang bayan na kasama niya; at inupahan siya na umahon na kasama niya sa Ramoth-galaad.3 At sinabi ni Achab na hari sa Israel kay Josaphat na hari sa Juda, Sasama ka ba sa akin sa Ramoth-galaad? At sinagot niya siya, Ako'y gaya mo, at ang aking bayan ay gaya ng iyong bayan; at kami ay sasaiyo sa pakikipagdigma.4 At sinabi ni Josaphat sa hari sa Israel, Magusisa ka ngayon, isinasamo ko sa iyo, sa salita ng Panginoon.5 Nang magkagayo'y pinisan ng hari sa Israel ang mga propeta, na apat na raang lalake, at sinabi sa kanila, Magsisiparoon ba kami sa Ramoth-galaad upang makipagbaka, o uurong ako? At sinabi nila, Umahon ka; sapagka't ibibigay ng Dios sa kamay ng hari.6 Nguni't sinabi ni Josaphat: Wala ba ritong ibang propeta ng Panginoon, upang tayo'y makapagusisa sa kaniya?7 At sinabi ng hari sa Israel kay Josaphat, May isa pang lalake na mapaguusisaan natin sa Panginoon: nguni't kinapopootan ko siya: sapagka't kailan man ay hindi siya nanghuhula ng mabuti tungkol sa akin, kundi laging kasamaan; si Micheas nga na anak ni Imla. At sinabi ni Josaphat, Huwag magsabi ng ganyan ang hari.8 Nang magkagayo'y tumawag ang hari sa Israel ng isang pinuno, at kaniyang sinabi, Dalhin mo ritong madali si Micheas na anak ni Imla. 9 Ang hari nga ng Israel at si Josaphat na hari sa Juda, ay nakaupo bawa't isa sa kanikaniyang luklukan na nakapanamit hari, at sila'y nakaupo sa isang hayag na dako sa pasukan ng pintuang-bayan ng Samaria; at ang lahat na propeta ay nanganghula sa harap nila.10 At si Sedechias na anak ni Chenaana ay gumawa ng mga sungay na bakal, at kaniyang sinabi, Ganito ang sabi ng Panginoon, Sa pamamagitan ng mga ito ay iyong itutulak ang mga taga Siria, hanggang sa mangalipol.11 At lahat na propeta ay nanganghulang gayon, na sinasabi, Umahon ka sa Ramoth-galaad, at guminhawa ka: sapagka't ibibigay ng Panginoon sa kamay ng hari.12 At ang sugo na yumaong tumawag kay Micheas ay nagsalita sa kaniya na sinasabi, Narito, ang mga salita ng mga propeta ay nagsaysay ng mabuti sa hari na magkakaisa: isinasamo ko nga sa iyo na ang iyong salita ay maging gaya ng isa sa kanila, at magsalita ka ng mabuti.13 At sinabi ni Micheas, Buhay ang Panginoon, kung ano ang sabihin ng aking Dios, yaon ang aking sasalitain.14 At nang siya'y dumating sa hari, sinabi ng hari sa kaniya, Micheas, magsisiyaon ba kami sa Ramoth-galaad upang makipagbaka, o uurong ako? At sinabi niya, Magsiyaon kayo at magsiginhawa nawa; at sila'y mangabibigay sa inyong kamay.15 At sinabi ng hari sa kaniya: Makailang ipasusumpa ko sa iyo na ikaw ay huwag magsalita ng anoman sa akin kundi katotohanan sa pangalan ng Panginoon?16 At kaniyang sinabi, Aking nakita ang buong Israel na nangangalat sa mga bundok, na gaya ng mga tupa na walang pastor: at sinabi ng Panginoon, Ang mga ito'y walang Panginoon; umuwing payapa ang bawa't lalake sa kaniyang bayan. 17 At sinabi ng hari sa Israel kay Josaphat, Di ba isinaysay ko sa iyo na siya'y hindi manghuhula ng mabuti tungkol sa akin, kundi kasamaan?18 At sinabi ni Micheas, Kaya't dinggin ninyo ang salita ng Panginoon: Aking nakita ang Panginoon na nakaupo sa kaniyang luklukan, at ang buong hukbo ng langit na nakatayo sa kaniyang kanan at sa kaniyang kaliwa.19 At sinabi ng Panginoon, Sinong dadaya kay Achab na hari sa Israel, upang siya'y umahon at mabuwal sa Ramoth-galaad? At ang isa'y nagsalita na nagsabi ng ayon sa ganitong paraan, at ang iba'y nagsabi ayon sa gayong paraan.20 At lumabas ang isang espiritu, at tumayo sa harap ng Panginoon, at nagsabi, Aking dadayain siya. At sinabi ng Panginoon sa kaniya, Sa ano?21 At kaniyang sinabi, Ako'y lalabas, at ako'y magiging magdarayang espiritu sa bibig ng lahat niyang mga propeta. At kaniyang sinabi, Iyong dadayain siya, at mananaig ka rin: lumabas ka, at gawin mong gayon. 22 Ngayon nga, narito, inilagay ng Panginoon ang magdarayang espiritu sa bibig ng iyong mga propetang ito; ang Panginoon ay nagsalita ng kasamaan tungkol sa iyo. 23 Nang magkagayo'y lumapit si Sedechias na anak ni Chenaana, at sinampal si Micheas, at nagsabi, Saan nagdaan ang Espiritu ng Panginoon na mula sa akin upang magsalita sa iyo?24 At sinabi ni Micheas, Narito, iyong makikita sa araw na yaon, pagka ikaw ay papasok sa pinakaloob na silid upang magkubli.25 At sinabi ng hari sa Israel, Dalhin ninyo si Micheas, at ibalik ninyo siya kay Amon na tagapamahala ng bayan, at kay Joas na anak ng hari;26 At sabihin ninyo, Ganito ang sabi ng hari, Ilagay ang taong ito sa bilangguan, at pakanin siya ng tinapay ng kadalamhatian at ng tubig ng kadalamhatian hanggang sa ako'y bumalik na payapa.27 At sinabi ni Micheas, Kung ikaw ay bumalik sa anomang paraan na payapa, ang Panginoon ay hindi nagsalita sa pamamagitan ko. At kaniyang sinabi, Dinggin ninyo, ninyong mga bayan, ninyong lahat.28 Sa gayo'y ang hari sa Israel at si Josaphat na hari sa Juda ay nagsiahon sa Ramoth-galaad.29 At sinabi ng hari sa Israel kay Josaphat, Ako'y magpapakunwaring iba, at paroroon ako sa pagbabaka; nguni't ikaw ay magbalabal ng iyong mga balabal hari. Sa gayo'y ang hari ng Israel ay nagpakunwaring iba; at sila'y nagsiparoon sa pagbabaka. 30 Ang hari nga sa Siria ay

nagutos sa mga pinunong kawal ng kaniyang mga karo, na sinasabi, Huwag kayong magsilaban kahit sa maliit o sa malaki man, liban lamang sa hari sa Israel.31 At nangyari, nang makita ng mga punong kawal ng mga karo ni Josaphat, na kanilang sinabi, Siyang hari sa Israel. Kaya't sila'y nagsiligid upang magsilaban sa kaniya: nguni't si Josaphat ay humiyaw, at tinulungan siya ng Panginoon; at kinilos sila ng Dios na humiwalay sa kaniya.32 At nangyari nang makita ng mga pinunong kawal ng mga karo na hindi siyang hari sa Israel, na sila'y nagsihiwalay ng paghabol sa kaniya.33 At inihilagpos ng isang lalake ang kaniyang pana sa isang pagbabakasakali, at tinamaan ang hari sa Israel, sa pagitan ng mga pagkakasugpong ng sakbat kaya't sinabi niya sa nagpapatakbo ng karo, Ipihit mo ang iyong kamay, at ihiwalay mo ako sa hukbo; sapagka't ako'y nasugatan ng mabigat. 34 At ang pagbabaka ay lumala nang araw na yaon; gayon ma'y ang hari sa Israel ay nanatili sa kaniyang karo laban sa mga taga Siria hanggang sa kinahapunan: at sa may paglubog ng araw ay namatay siya." (2 Cronica 18:1-34)

"1 Si Josaphat nga ay nagkaroon ng kayamanan, at dangal na sagana; at siya'y nakipagkamaganak kay Achab." (2 Cronica 18:1) Si Haring Jehosapat ay isang matuwid na hari sa Judah, at pinagpala siya ng Panginoon ng kayamanan at karangalan, ngunit siya ay pumunta at nakipagkasundo sa pagaasawa sa masamang Haring si Ahab ang hari ng Israel. Ito ay maling pagkilos at maling desisyon na nagdulot sa kanya at nagdulot sa Judah ng higit pa upang pag bayaran sa ganoong maling pagkilos. Pagaasawa sa isang hindi mananampalataya ay kaguluhan. Pagaasawa sa isang mananampalataya na hindi natatakot sa Diyos ay kaguluhan din. Si Ahab sa pamamagitan ng kanyang asawa na si Jezebel ay nagdala ng pagsamba kay Baal sa Israel. Si Jehoshaphat nang hinayaan niya ang kanyang anak na lalaki upang magasawa sa anak na babae ni Ahab ay inilagay ang kanyang sarili at lahat ng Judah sa isang malaking kaguluhan. Ang pagsamba kay Baal ay ipinakilala sa Israel sa pamamagitan ni Jezebel ang asawa ni Ahab, at ito'y napunta sa Judah dahil sa pagaasawang yaon. Si Jehoshaphat ay napilitang sumama sa maling mga paraan na pinagdadanan ni Ahab at sa huli ay ipinakilala ang pagsamba kay Baal sa Judah. Na nagpakita ng kamangmangan ni Jehoshaphat sa paggawa ng ganoon. Kapag pinagpala ka ng Diyos, sa gayon huwag kang magpakamangmang at pumunta at gumawa ng masama at isama ang iyong sarili sa maling mga tao at maling mga pagaasawa; ang Panginoon ay hindi nalulugod sa ganooong mga asal.

"2 At pagkatapos ng ilang taon, kaniyang nilusong si Achab sa Samaria. At ipinagpatay siya ni Achab ng mga tupa at baka na sagana, at ang bayan na kasama niya; at inupahan siya na umahon na kasama niya sa Ramoth-galaad." (2 Cronica 18:2) Si Jehoshaphat ay kumilos upang tuklasin ang bagong destinasyon kasama ni Haring Ahab, ngunit hindi namalayan ang kaguluhan na nasa unahan niya. Minsan kumikilos kang pasulong iniisip na mayroong pagpapala sa unahan mo sa ilang direksyom na iyong binuksan sa pamamagitan ng sarili mong kalooban ngunit hindi mo namamalayan at hindi mo makita ang mga kaguluhan nasa unahan mo. Batay sa pagaasawang yaon, si Jehoshaphat ay napilitang kumilos sa direksyon ni Ahab at inilagay ang kanyang sarili sa kaguluhan sa pakikipagkasundo sa maling mga tao at paglalagay ng kanyang sarili sa maling pakikipagsosyo. Ang Banal na Kasulatan ay nagsasabi, umahon siya, ibig sabihin siya ay lumala na. Ito ay pananagutan mo upang iwasang ilagay ang iyong sarili sa maling mga ta at sa maling grupo o mga pagtitipon. Dito si Ahab ay nagpapatay ng tupa sa kasaganaan at maaring si Jehoshaphat ay maging masaya doon sa unang pagkakataon, ngunit hindi iyon upang parangalan si Jehoshaphat at ang mga taong kasama niya kundi upang hilahin siya upang siluin siya at himukin siya na sumama sa kanya para sa isang labanan upang makuha ang Ramoth-galaad.

"3 At sinabi ni Achab na hari sa Israel kay Josaphat na hari sa Juda, Sasama ka ba sa akin sa Ramoth-galaad? At sinagot niya siya, Ako'y gaya mo, at ang aking bayan ay gaya ng iyong bayan; at kami ay sasaiyo sa pakikipagdigma." (2 Cronica 18:3) Dito pagkatapos tanggapin ni Jehoshaphat ang parangal at pagkatapos niyang ialyansa ang kanyang sarili sa pagaasawa kay Ahab, paano niya tatangihan na pumunta sa labanan kasama niya. Si Ahab ngayon ay gustong gamitin si Jehoshaphat at ang Judah upang gawin ang kanyang sariling kagustuhan at agenda. Binitag niya ang kanyang sarili, kaya kung bakit sinabi niya Ako'y gaya mo, at ang aking bayan ay gaya ng iyong bayan; at kami ay sasaiyo sa pakikipagdigma." At siya ay sumakanya sa labanan. Ngunit sa realidad siya ay hindi masaya at alam niya ang kaibahan sa pagitan niya at ng kanyang mga tao kay Ahab at sa kanyang mga tao.

"4 At sinabi ni Josaphat sa hari sa Israel, Magusisa ka ngayon, isinasamo ko sa iyo, sa salita ng Panginoon." (2 Cronica 18:4) Si Jehoshaphat, ngayon alam niya na siya ay babagsak sa isang kawakasan at pagpunta doon sa Ramoth galaad ay isang maling desisyon. Nakiusap siya kay Ahab upang magtanong tungkol sa Salita ng Diyos na

ang Banal na Espiritu ay ipapadala sa kanya upang ihayag sa kanya kung iyon ay tama na pumunta sa labanan o hindi. * Sa bawat oras kailangan natin kunin ang isang malaki o mahalagang desisyon na kailangan natin upang magtanong sa Salita ng Panginoon, upang tayo ay makasiguro sa tamang daan sa pagdedesisyon na ating kukunin.
* Kailangan din nating maniwala na kapag tayo ay nagtanong mula sa Diyos, ang Panginoon ay magpapadala sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu sa Kanyang Salita na magtuturo sa atin kung ano ang tamang desisyon na kailangan nating kunin.

Si Jehoshaphat ay nagtanong kay Ahab upang magtanong tungkol sa Salita ng Diyos sapagkat hindi niya kayang magsalita at salungatin si Ahab sapagkat siya napasailalim na anong kanyang ginawa.

"5 Nang magkagayo'y pinisan ng hari sa Israel ang mga propeta, na apat na raang lalake, at sinabi sa kanila, Magsisiparoon ba kami sa Ramoth-galaad upang makipagbaka, o uurong ako? At sinabi nila, Umahon ka; sapagka't ibibigay ng Dios sa kamay ng hari."(2 Cronica 18:5) Dito nakapaligid kay Ahab ang apat na raang mga tao na lahat sila ay umayon at sumangayon na pumunta sa labanan. Si Ahab ay napapaligiran ng mga tao na sasangayon sa kanya sa kung anong naisin niyag gawin. Sinigurado nila sa kanya na ang Diyos ay ibibigay ajg Ramoth-galaad sa kanyang kamay.* Kapag lagi mong pinapanatili ang mga tao katulad ng mga kaibigan, katrabaho, at mga kamaganakan na sasangayon sayo ang kalagayang yaon ay delikado sapagkat ang ganoong mga tao ay sasangayon sayo kahit sa mali mong desisyon at maling pagkilos at sa ganoon ikaw ay mahuhulog sa gulo.

"6 Nguni't sinabi ni Josaphat: Wala ba ritong ibang propeta ng Panginoon, upang tayo'y makapagusisa sa kaniya?" (2 Cronica 18:6) Alam ni Jehoshaphat na ang apat na raang mga propeta ay bulaan at hindi propeta ng Diyos kaya naman siya ay nagtanong upang magusisa mula sa isang totoong propeta ng Diyos na magpapahayag sa kanya ng kalooban ng Diyos sa araw na yaon. * Kailangan mong makilala mula kung kanino mo kailangan magtanong sa Diyos, mula sa tamang mga tao at isang tamang tao, kung saang simbahan kailangan mong sumama at buksan ang iyong buhay, at dapat mong tanggihan ang payo ng mga bulaang propeta.

"7 At sinabi ng hari sa Israel kay Josaphat, May isa pang lalake na mapaguusisaan natin sa Panginoon: nguni't kinapopootan ko siya: sapagka't kailan man ay hindi siya nanghuhula ng mabuti tungkol sa akin, kundi laging kasamaan; si Micheas nga na anak ni Imla. At sinabi ni Josaphat, Huwag magsabi ng ganyan ang hari." (2 Cronica 18:7) Ang sagot ni Ahab ay nagpapakita na ayaw niya kay Micheas ang propeta sapagka't hindi nagsasabi ng kung anong nais niyang marinig. Sa gayon ang lahat na sumasalungat kay Ahab ay kinamumuhian niya at inuusig niya at paalisin niya sa kanya. Kaya kung paanong ang apat na raang mga bulaang propeta ay nagtipon sa pagligid niya; sila'y sumasangayon sa kanya upang paluguran siya kahit na siya ay mali makatanggap lamang ng kanyang pabor at ng kanyang suporta. Ngunit si Micheas ang anak ni Imla ay tunay at tapat na propeta at sasabihin niya kay Ahab ang lahat ng katotohanan, kahit na alam niya na si Ahab ay kamumuhian siya. Sinabihan siya ni Jehoshaphat na huwag magsalita ng ganoon na kinamumuhian ni Micheas sapagkat siya nagsasalita mula sa Diyos at yaon ay para sa kanyang sariling benepisyo. * Kapag kami ay nagpapayo sayo ng katotohanan yaon ang aming pagibig para sayo at yaon ay para sa iyong sariling benepisyo at dapat mong mahalin kami at huwag kamuhian para doon. Maraming mga tao ang namumuhi sa akin at hindi nagbubukas sa akin sapagkat alam nilang sasabihin ko sa kanila kung anong kanilang ginagawa ay hindi kalooban ng Diyos.

* Huwag kang matukso na mamuhi sa propeta ng Diyos at sa namumuno ng simbahan na nagbabala sayo na huwag gawin ang tiyak na mga bagay sapagkat yaon ay para sa iyong proteksyon at para sa iyong benepisyo.

Alam ni Jehoshaphat na siya ay nasa isang malaking kaguluhan ngayon sapagkat sa pagsama kay Ahab na ginagawang hilahin siya upang pumasok sa isang labanan kung saan labag sa kalooban ng Diyos. Tingnan dito kung alam mo ang Salita ng Diyos at ang kalooban ng Diyos kailangan mong tumigil at umiwas mula sa pagpunta at isalamula ang iyong sarili sa ganoong klase ng mga tao na magdadala sayo ng kaguluhan sa iyong buhay gaya ng ipinapahayag ng Salita ng Diyos sa atin, "Lumalakad ka na kasama ng mga pantas na tao, at ikaw ay magiging pantas; nguni't ang kasama ng mga mangmang ay mapapariwara." (Kawikaan 13:20) Dito ngayon ay malinaw, Kung ikaw ay sasama sa mga hangal na tao ikaw ay magdurusa kagaya nila.

"8 Nang magkagayo'y tumawag ang hari sa Israel ng isang pinuno, at kaniyang sinabi, Dalhin mo ritong madali si Micheas na anak ni Imla." (2 Cronica 18:8) Sa wakas ang Diyos ay gumawa ng daan na ang Kanyang totoong propeta ay pumunta sa ibabaw upang dalhin ang Kanyang Salita at amg Kanyang kalooban at yaon ay kung paano Niya dalhin ang Kanyang awa at pagibig kahit sa masama na tumangging sumunod sa Kanyang Salita at sa Kanyang kalooban at sumama sa Kanyang mga paraan. Sinabi niya sa kanyang opisyal, kuning madali si Micheas ang anak ni Imla, hindi dahil siya sabik na pakinggan ang totoo kundi ipakita lamang sa harapan ni Jehoshaphat na siya nagbibigay ng pagkakataon sa lahat ng propeta upang magsalita. Tingnan kung paanong magdusa ang totoong propeta ng Diyos na siya ay tinanggihan at inusig ng hari.

"9 Ang hari nga ng Israel at si Josaphat na hari sa Juda, ay nakaupo bawa't isa sa kanikaniyang luklukan na nakapanamit hari, at sila'y nakaupo sa isang hayag na dako sa pasukan ng pintuang-bayan ng Samaria; at ang lahat na propeta ay nanganghula sa harap nila." (2 Cronica 18:9) Iyan ngayon ang nangyayari sa maraming mga simbahan, malaking bilang ng mga tao ang nagtitipon at maghahalal at ang karamihan ang mananalo. Ngunit ang karamihan sa maraming pagkakataon ay mali gaya ng nakikita natin dito sa malaking pagtitipon ng mga piniling bulaang propeta na nagpapahayag ng kasinungalingan kay Haring Ahab na may kinalaman sa kalooban ng Diyos.

"10 At si Sedechias na anak ni Chenaana ay gumawa ng mga sungay na bakal, at kaniyang sinabi, Ganito ang sabi ng Panginoon, Sa pamamagitan ng mga ito ay iyong itutulak ang mga taga Siria, hanggang sa mangalipol." (2 Cronica 18:10) Iyang tao, si Sedecias ang anak no Chenaana, ay katulad ng pabago bagong magsalita ngayon, upang magpakitang gilas, pagkilos sa mga tao gamit ang emosyon ng may paglalarawan at banayad na pagsasalita at tulang mga salita na hihikayat sa maraming tao ng may bulaang mga pangako at kasinungalingan kung saan gusto nilang marinig at makita. * Huwag magpalinlang sa ganoong mga nagsasalita na susunod sa mga nagpapakain sa kanila.

"11 At lahat na propeta ay nanganghulang gayon, na sinasabi, Umahon ka sa Ramoth-galaad, at guminhawa ka: sapagka't ibibigay ng Panginoon sa kamay ng hari." (2 Cronica 18:12) Sila'y nagbibigay papuri sa isa't isa, upang ang hari ay malugod at kapalit ay pararangalan niya sila ng pagkain, damit, mga pribilehiyo, at salapi at materyal na mga bagay. Iyun ay walang katapatan at paggamit sa ministerio upang mabuhay, para sa ganitong mga propeta ay hindi sila tapat sa harap ng Diyos.

"12 At ang sugo na yumaong tumawag kay Micheas ay nagsalita sa kaniya na sinasabi, Narito, ang mga salita ng mga propeta ay nagsaysay ng mabuti sa hari na magkakaisa: isinasamo ko nga sa iyo na ang iyong salita ay maging gaya ng isa sa kanila, at magsalita ka ng mabuti." (2 Cronica 18:12) Ngayon dito ay kung paanong sila'y nagtitipon ng kagaya ng mga taong may pagiisip; ang mga nagkokondena at nakikipagkompromiso sa kanila sila ay idadagdag at aanyayahan sa kanilang samahan. Ang tagapagdala ng mensahe ay nagpayo kay propeta Micheas na sumasa sa karamihan ng mga tao upang paluguran ang hari at ang hayaan ang lahat ng mga bagay ay maging maayos. Hinahanap nila ang kasunduan kahit na ito'y labag sa kalooban ng Diyos. Iyan ang kanilang tawag sa tiyak na panahon ngayon bilang pagkakaisa sa simbahan upang takpan ang katiwalian na nangyayari sa mga simbahan. Sinabi niya sa kanya na magsalita ng mabuti hindi tungkol sa pagsasalita ng kalooban ng Diyos, ngunit sa pagsasabi ng ilang bagay ayon sa lahat ng apat na raang mga propeta at gawin ang hari na masaya, kahit na ito ay labag sa kalooban ng Diyos, paluguran lamang ang masamang si Ahab at paluguran lamang ang mga tao.

"13 At sinabi ni Micheas, Buhay ang Panginoon, kung ano ang sabihin ng aking Dios, yaon ang aking sasalitain." (2 Cronica 18:13) Dito ang propeta ay iginiit ang kanyang sarili muli na sasabihin niya lamang kung ano ang nais ng Panginoon sa kanya na sabihin. Ito ay napakasakit na basahin kung paano sila'y nagsasalita sa propeta ng Diyos upang hikayatin siya na huwag magsalita ng katotohanan na nais ng Diyos upang ipahayag: "10 Na nagsasabi sa mga tagakita, Huwag kayong kumita; at sa mga propeta, Huwag kayong manghula sa amin ng mga matuwid na bagay, magsalita kayo sa amin ng mga malubay na bagay, manghula kayo ng mga magdarayang bagay:"(Isaiah 30:10) Ang ganoong mga tao ay hindi alam na inilalagay nila ang kanilang sarili sa isang malaking kapahamakan sa pagtanggi upang tanggapin kung ano ang sasabihin ng Diyos sa kanila. *Dapat kang kumilos gaya ni propeta Micheas na sasabihin mo lamang ang katotohanan.

"14 At nang siya'y dumating sa hari, sinabi ng hari sa kaniya, Micheas, magsisiyaon ba kami sa Ramoth-galaad upang makipagbaka, o uurong ako? At sinabi niya, Magsiyaon kayo at magsiginhawa nawa; at sila'y mangabibigay sa inyong kamay." (2 Cronica 18:14) Kinutya ni Micheas ang hari nang kanyang sabihin sa kanya, Magsiyaon kayo at magsiginhawa nawa; at sila'y mangabibigay sa inyong kamay, sapagkat alam niya na hindi siya maniniwala sa kanyang salita na kanyang ipinahayag sa kanya. Iyon din ay isang pagsaway kay Haring Ahab na paulit ulit na tumanggi upang makinig sa Salita ng Diyos. Iyon din ay nagpapahiwatig ng masamang karanasan na si Micheas ay kasama ni Ahab at si Ahab ay paulit ulit na tumanggi sa kanya na makinig sa pagpapayo ng Diyos na ipinapadal Niya sa kanya sa pamamagitan ni Micheas. Malaki ang pagibig ng Diyos, kahit sa mga ayaw makinig, ang Panginoon ay magpapatuloy magbigay sa kanila ng Kanyang Salita at utusan sila na marahil sila ay magsisi. * Tayo bilang isang simbahan at responsableng mga pinuno kailangan nating magpatuloy sa pagibig upang ibigay ang Salita ng Diyos sa mga tao kahit na sila'y mamumuhi sa atin at kahit na saktan nila tayo; hangga't kaya nating ibigay ang Salita ng Diyos sa gayon kailangan nating ibigay ito sa kanila.

"15 At sinabi ng hari sa kaniya: Makailang ipasusumpa ko sa iyo na ikaw ay huwag magsalita ng anoman sa akin kundi katotohanan sa pangalan ng Panginoon?" (2 Cronica 18:15) Dito ang hari ay nagpapanggap sa harap ng kanyang mga panauhin kay Haring Jehoshaphat na naghahanap ng katotohanan at hiniling kay Micheas na sabihin sa kanya ang katotohanan. Para bang kanyang sinasabi, nakikita mo kung paano ako ay mapagkumbabang tao at naghahanap para sa katotohanan.

"16 At kaniyang sinabi, Aking nakita ang buong Israel na nangangalat sa mga bundok, na gaya ng mga tupa na walang pastor: at sinabi ng Panginoon, Ang mga ito'y walang Panginoon; umuwing payapa ang bawa't lalake sa kaniyang bayan." (2 Cronica 18:16) Dito si Micheas ay ipinahayag kay Ahab ang katotohanan at ang totoong magaganap:

1.Aking nakita ang buong Israel na nangangalat sa mga bundok,
2. Na gaya ng mga tupa na walang pastor. Ibig sabihin si Ahab ay hindi ang tao na nangangalaga para sa mga tupa. Ang mga tupa na walang pastol ibig sabihin siya ay mamatay sa labanan ang mga tao ay tatakas mula sa labanan at uuwi sa kanilang bayan. Ito ay isang babala sa mga sundalo na sila ay nasa kapahamakan kung sila'y pupunta kasama ni Ahab.
3. Isang babalang mensahe kay Haring Jehoshaphat na siya nakaupo kasama ng maling mga tao na parurusahan ng Diyos, at yaon siya nasa kapahamakan kung siya ay magpapatuloy doon.
4. * Ito ay babala sayo na kung ikaw ay nakikisama sa maling tao o mga tao sa gayon ikaw ay nasa totoong kapahamakan sa pagdating ng araw.

"17 At sinabi ng hari sa Israel kay Josaphat, Di ba isinaysay ko sa iyo na siya'y hindi manghuhula ng mabuti tungkol sa akin, kundi kasamaan?" (2 Cronica 18:17) Siya ay nagtanong ng katotohanan ngunit si Ahab ay nanatiling nais marinig kung anong kanyang gustong marinig. Si Haring Ahab ay gustong tanggapin ang opinyon na susuporta sa kung anong kanyang nilalayon na gawin at hindi sa kung anong inihahayag na kalooban ng Diyos. Si Ahab ay nagrereklamo kay Haring Jehoshaphat tungkol sa kung anong sinabi ni Micheas sa kanya, at naglalarawan ito ng gaya ng isang bagay na hindi mabuti kundi masama. Inaakusahan niya ang propeta ng Diyos. Ako ay may nakitang ganoong uri ng mga tao nang aking hinarap sila ng katotohanan ng Diyos sila'y nagagalit sa akin at sila'y nagsisimulang akusahan ako sa iba na sinusumpa ko sila iniisip na ito ay nasa aking kamay upang ibigay sa kanila ang mensahe na gusto nila. Ang propetang si Micheas ay inakusahan ni Ahab na siya ay nagpopropesiya ng masama laban sa kanya, iniisip na matutukoy ni Micheas kung ano ang masasabi niya sa kanya, nakalimutan na ang totoong propeta ng Diyos ay hindi kayang baguhin ang mensahe na ipapadala ng Diyos sa Kanyang simbahan at sa Kanyang mga tao. Kung ang simbahan at ang mga tao ng Diyos ay nagkasalan sa gayon ang Diyos ay magpapadala ng mensahe ng babala nagpapahayag ng masama na magaganap kung ang simbahan o ang mga tao ng Diyos ay hindi iiwas mula sa paggawa ng kanilang sariling kalooban.

* Kunin at huwag tanggihan ang mga alintuntunin ng Salita ng Diyos para sayong sariling benepisyo.

Ngayon ang Diyos sa mensaheng ito Kanyang ipinapadala sayo ang babala upang umiwas ka sa paggawa ng sariling mong kalooban at plano. Pakinggang mabuti ang mensahe, magpakumbaba sa harap ng Salita ng Diyos at magsisisi at maging handa upang makinig sa mga utos ng namumuno ng simabahan at sa mga inilagay ng Diyos

na gabayan ka sa mga paraan ng Diyos. Umiwas mula sa mali mong gawain upang ikaw ay mapangalagaan mula sa mga kaguluhan.

Dito si Micheas upang ipagtanggol ang kanyang sarili, sa akusasyon na sinasabi ni Ahab kay Jehoshaphat, kinailangan niyang sabihin kay Ahab ang higit pang mga detalye tungkol sa kanyang natanggap mula sa Panginoon. "18 At sinabi ni Micheas, Kaya't dinggin ninyo ang salita ng Panginoon: Aking nakita ang Panginoon na nakaupo sa kaniyang luklukan, at ang buong hukbo ng langit na nakatayo sa kaniyang kanan at sa kaniyang kaliwa." (2 Cronica 18:18) Dito si Micheas ay ipinahayag sa kanya na nakikita niya ang Panginoon sa Langit nakaupo sa Kanyang luklukan at ang buong hukbo sa Langit ay nakatayo sa paligid Niya. Ipinapahayag ni Micheas kay Ahab na siya ay isang tunay na propeta ng Diyos at ang kanyang sinabi ay kanyang tinanggap mula sa Diyos. Samakatuwid sa karagdagan sinabi ni Micheas sa kanya ang ibang mga detalye na kanyang nakita at narinig mula sa Panginoon.

"19 At sinabi ng Panginoon, Sinong dadaya kay Achab na hari sa Israel, upang siya'y umahon at mabuwal sa Ramoth-galaad? At ang isa'y nagsalita na nagsabi ng ayon sa ganitong paraan, at ang iba'y nagsabi ayon sa gayong paraan. 20 At lumabas ang isang espiritu, at tumayo sa harap ng Panginoon, at nagsabi, Aking dadayain siya. At sinabi ng Panginoon sa kaniya, Sa ano? 21 At kaniyang sinabi, Ako'y lalabas, at ako'y magiging magdarayang espiritu sa bibig ng lahat niyang mga propeta. At kaniyang sinabi, Iyong dadayain siya, at mananaig ka rin: lumabas ka, at gawin mong gayon. 22 Ngayon nga, narito, inilagay ng Panginoon ang magdarayang espiritu sa bibig ng iyong mga propetang ito; ang Panginoon ay nagsalita ng kasamaan tungkol sa iyo." (2 Cronica 18:19-22) Si Micheas ay kasalukuyang naaa espiritu ng propesiya sa presensya ng Panginoon. Sa gayon ipinaliwanag niya kay Ahab, na ang Diyos ay hindi masaya sa kanya at naghahanap sa iba upang hikayatin siya na pumunta sa labanan sa Ramoth-galaad at mamatay. Sa wakas ang mandaraysng espiritu ay dumating at handang hikayatin siya sa paglalagay ng mandarayang espiritu sa bibig ng kanyang mga propeta, at ang Panginoon ay inaprubahan yaon, paglalagay ng magdarayang espiritu sa bibig ng mga propeta ni Ahab at kanyang mga tagapagpayo sapagkat si Ahab ay naghahanap sa ganoong mga tao na sasama sa kanya kahit na sila ay magsasabi ng kasinungalingan sa kanya. Si Micheas ay ipinahayag kay Ahab ang ganoong malinaw na katotohanan na hinayaan ng Diyos sa kanyang mga propeta upang sabihin sa kanya ang kasinungalingan at ang Panginoon ay sinalita ang masama laban sa kanya.

Maari mong itanong: Paanong nangyari at paanong hinayaan ng Diyos ang si mandarayang espiritu na mapasa bibig ng mga tao nq hinayaan ang iba sa paggawa ng maling desisyon at magdulot sa kanila ng kapahamakan? Paanong hinayaan ng Diyos ang Kanyang mga tao na mangalat ng walang pastol at nagdulot sa kanila ng mga kaguluhan? Hinayaan ng Diyos yaon sapagkat ang 400 na mga propeta ay mula sa Kanyang mga tao na alam ang katotohanan ngunit nagdesisyong paluguran si Ahab. Hinayaan yaon ng Diyos sapagkat gusto ng mga tao ang ganoon, at si Ahab ay gusto ang ganoon. Kinamumuhian nila ang katotohanan at kinamumuhian nila ang mga tao na nagsasabi sa kanila ng katotohanan., sa ganon ang naiwan sa kanila ay makinig sa kasinungalingan at maling mga payo na magdadala sa kanila sa kapahamakan. Iyon ay kanilang pinili at hindi pinili ng Diyos.

Ang Salita ng Diyos ay nagsasabi sa atin ng sumusunod: "Kung saan walang payo ay nagugulo ang mga panukala: nguni't sa karamihan ng mga tagapayo ay nangatatatag." (Kawikaan 15:22) Ngunit kailangan mong piliin ang tamang mga tao na kailangan mong ilagay ang iyong sarili, upang matanggap mo ang tamang utos at iwasang ilagay ang iyong sarili sa mga kaguluhan. *ikaw ay tumatanggi pumunta at magtanong ng payo sapagkat ayaw mong marinig na iyong mga plano ay hindi mula sa Diyos. Binubuksan mo ang iyong buhay sa iyong mga kaibigan, katrabaho, at sa hindi mananampalatayang upang iwasan lamang ang pagsaway mula sa amin na nagsasabi sayo ng katotohanan at nagpapayo sayo para sa iyong pansariling mga benepisyo upang iwasan ang mga kaguluhan.

*Nguni't anong uri ng payo ang iyong tatanggapin? Tatanggapin mo ang kasinungalingan lamang. Ang sinalita ni Micheas at pinopropesiya ay tunay na mensahe ng babala kay Ahab ngunit siya ay tumanggi na magsisisi sa kabila ng lahat ng mga detalye na ibinigay sa kanya.

"23 Nang magkagayo'y lumapit si Sedechias na anak ni Chenaana, at sinampal si Micheas, at nagsabi, Saan nagdaan ang Espiritu ng Panginoon na mula sa akin upang magsalita sa iyo?" (2 Cronica 18:23) Ang propesiya ni Micheas ay nagpasiklab sa ibang mga propeta upang magalit sa kanya.. Tunay, na kanyang pinopropesiya ay isang sampal sa mukha hindi lamang kay Ahab kundin sa mga bulaang propeta na kasama niya; ang mga iyon ay nabubuhay sa pagsasabi ng mga kasinungalingan kay Ahab. Si Micheas ay sinampal sa pisngi para sa katotohanan na kanyang sinabi. Ito ay mangyayari sa atin kapag ating ipinahayag ang katotohanan sa mga taong namumuhing marinig ang katotohanan na salungat sa kanilang mga plano at kanilang mga hilig. Kailangan nating tiisin ang ganoon habang tayo ay nagagalak sa paglilingkod sa Panginoon at ginagawa ang Kanyang kalooban katulad ng nangyari kay Jesus na ating Panginoon.

"24 At sinabi ni Micheas, Narito, iyong makikita sa araw na yaon, pagka ikaw ay papasok sa pinakaloob na silid upang magkubli." (2 Cronica 18:24) Si Micheas ay nagpropesiya sa mukha ni Zedekiah ang anak no Chenaana kung ano ang gagawin ng Panginoon sa kanya, na ang kanyang payo ay matatalo at ang kanyang kasinungalingan ay malalantad at siya ay mapapahiya at siya ay tatakbo upang ikubli ang kanyang sarili sa loob ng silid o alinman sa pagtakbo para sa kanyang buhay o pagtatago mula sa kahihiyan sa maling payo na ibinigay kay Ahab.

"25 At sinabi ng hari sa Israel, Dalhin ninyo si Micheas, at ibalik ninyo siya kay Amon na tagapamahala ng bayan, at kay Joas na anak ng hari;26 At sabihin ninyo, Ganito ang sabi ng hari, Ilagay ang taong ito sa bilangguan, at pakanin siya ng tinapay ng kadalamhatian at ng tubig ng kadalamhatian hanggang sa ako'y bumalik na payapa." (2 Cronica 18:25-26) Ganito pakitunguhan ang totoong propeta gaya ni Juan Bautista, at gaya ni Pablo, pagkakakulong, pagtanggi sa kanila sa kanilang karapatan at pagbibigay sa kanila ng masamang pakikitungo sa anyo ng tinapay ng kadalamhatian at tubig ng kadalamhatian. Yaon ay natapos upang parusahan si Micheas para sa kanyang pagsasalita ng katotohanan, ganon din upang pinilitin siyang upang yumuko sa kanilang impluwensya at hilingin upang makipagsabwatan sa kanila at sangayunan sila sa gusto nilang gawin. * Kailangan nating magtiyaga sa panahon ito. Maaring tayo ay mabigatan sa mga tao at sa mga kasapi ng simbahan at mga mangaggawa na nagpapabigat sa atin naguusig sa atin, at pagaalsa sa atin para yumuko tayo sa pag aproba sa kanilang gusto. Pinagdaanan ko ang ganyang mga karanasan, nag hindi pagaproba samga plano ng mga tao, sila'y nagsimula lumaban, sila'y umalis sa simbahan at pinigil ang kanilang mga kontribusyon ng pananalapi sa ministerio, hinila din nila ang iba at tinuruan sila na gawin ang katulad sinusubukan idiin ako iniisip na ako ay yuyukod sa kanila, at silay nagpapatuloy na gawin yaon at hinihintay para sakin upang bumagsak. Ngunit pinagtiisin ko ang lahat ng kasakitan, pagbubukod, ang tinapay at ang tubig ng kadalamhatian, at hindi ako yumukod sa ganoong masamang gawain, at ang Panginoon ay ginantimpalaan ako sa pagpapanatili sa akin at sa pagmamasid sa lahat ng Kanyang Salita na ibinigay Niya sakin at tuparin ang mga ito, at palagi kong sinasabi sa kanila na ang Panginoon ay tutuparin ang lahat ng Kanyang Salita na sinalita Niya sa pamamagitan ko, gaya ni Micheas na pinandigang ulitin sa kanila ang pinaka Salita na sinalita ng Diyos sa pamamagitan niya sa kanila na ang lahat ay matutupad gaya ng kanyang ipinahayag kay Ahab na hindi siya makakabalik sa bayan ng ligtas. "27 At sinabi ni Micheas, Kung ikaw ay bumalik sa anomang paraan na payapa, ang Panginoon ay hindi nagsalita sa pamamagitan ko. At kaniyang sinabi, Dinggin ninyo, ninyong mga bayan, ninyong lahat." (2 Cronica 18:27) Aking sinasabi at patuloy kong sinasabi, kahit ngayon, tutuparin ng Diyos ang lahat ng katuruan na aking ipinagpahayag at sa mga naghihimagsik laban sa Salita ng Diyos at sa Kanyang payo, aking sasabihin ngayon, sila'y mapupunta sa impiyerno kung sila'y hindi magsisisi.

"28 Sa gayo'y ang hari sa Israel at si Josaphat na hari sa Juda ay nagsiahon sa Ramoth-galaad." (2 Cronica 18:28) Ang mga taong matitigas ang ulo sila'y hindi nakikinig at ang kanilang kasalanan ay kanilang kaparusahan. Si Ahab ay hindi nakinig at si Jehoshaphat ay nahiya na iwanan si Ahab, sa katunayan, siya ay nasa pagkaalipin sa kanya kaya kung bakit siya ay sumama sa kanya. Maling mga tao at maling kaibigan dapat mong gawin ang lahat upang umalis mula sa kanila at upang iwasan sila, sapagkat ito ang inaasahan ng Diyos mula sayo na gawin. Inaasahan ng Diyos mula sa kay Jehoshaphat na lumayo mula kay Ahab lalo na pagkatapos niyang marinig ang detalye ng propesiya ni Micheas, ngunit hindi siya lumayo mula kay Ahab sapagkat siya ay nasa tunay na pagkaalipin at alipin dito. Maging maingat at matuto mula sa aral at palayain ang iyong sarili mula sa ganoong pamatok sa mga taong mapaminsala na magliligaw sayo at maglalagay sayo sa wakas sa kaguluhan.

"29 At sinabi ng hari sa Israel kay Josaphat, Ako'y magpapakunwaring iba, at paroroon ako sa pagbabaka; nguni't ikaw ay magbalabal ng iyong mga balabal hari. Sa gayo'y ang hari ng Israel ay nagpakunwaring iba; at sila'y nagsiparoon sa pagbabaka." ( 2 Cronica 18:29) Ganoong uri ng mga tao na iyong pinagkakatiwalaan gagamitin ka nila upang tulungan sila at ilalagay ka nila sa kapahamakan. Makikita mo dito kung paanong si Ahab ay ginamit si Jehoshaphat upang protektahan ang kanyang sarili mula sa kaaway at kung paanong iminungkahi niya sa paglalagay kay Jehoshaphat sa kapahamakan. Alam ni Ahab na siya ay hinahanap ng mga Syriano upang patayin siya, kaya kung ginawa niya ang ganoon upang itago ang kaniyang sarili sa kamatayan, Ganon din si Ahab ay maaring talagang natakot sa propesiya ni Micheas na ang Diyos ay sumusunod sa kanya at yaon ay hindi na siya makakabalik ng ligtas.

"30 Ang hari nga sa Siria ay nagutos sa mga pinunong kawal ng kaniyang mga karo, na sinasabi, Huwag kayong magsilaban kahit sa maliit o sa malaki man, liban lamang sa hari sa Israel." (2 Cronica 18:30) Katunayan, na ang nasa isip ng mga Syriano , kanilang tinutugis si Ahab upang patayin siya, at yaon ang katotohanan na sinabi ni Micheas kay Ahab, na ang Diyos ay nagsalita ng masama laban sa kanya. Ang plano ng Syriano ay tuparin din ang Salita ng Diyos, parang itinuturo ng Diyos sa kanila na si Haring Ahab ay mamatay sa labanan at ang sundalo ay mangangalat gaya ng tupa na walang pastol. Iniisip ni Ahab na maiiwasan niya ang hatol ng Diyos at iiwasan ang kanyang kamatayan sa labanan sa pagpayag ni Jehoshaphat na mamatay sa halip na siya.

"31 At nangyari, nang makita ng mga punong kawal ng mga karo ni Josaphat, na kanilang sinabi, Siyang hari sa Israel. Kaya't sila'y nagsiligid upang magsilaban sa kaniya: nguni't si Josaphat ay humiyaw, at tinulungan siya ng Panginoon; at kinilos sila ng Dios na humiwalay sa kaniya.32 At nangyari nang makita ng mga pinunong kawal ng mga karo na hindi siyang hari sa Israel, na sila'y nagsihiwalay ng paghabol sa kaniya." (2 Cronica 18:31-32) Ngayon dito ang Panginoon ay hinayaan ang ganoon upang mangyari kay Jehoshaphat upang ipakita sa kanya na sa kanyang ginawang makipagalyansa kay Ahab ay mali at mapanganib sa kanyang buhay upang siya ay makapagsisi. Siya ay talagang natakot sa lumiligid sa kanya upang labanan siya. Si Jehoshaphat ay para bang hindi alam ang tungkol sa totoong kasamaan ni Ahab at ang totoong hatol ng Diyos, sa gayon ipinakita ng Panginoon sa kanya yaon ng malinaw. Ngunit nang siya ay umiyak sa Diyos, ang Panginoon ay tinulungan siya at ang Panginoon ay kumilos sa kanila upang lumayo sa kanya. Ipinakita din ng Panginoon sa kanila na hindi siya ang kanilang hinahanap. Ang Panginoon ay gagawin ang katulad sayo gaya ng kanyang ginawa kay Jehoshaphat upang para sayo ay magising mula sa katigasan ng ulo, upang mapagtanto ang mga mali na iyong ginawa at magsisi.

"33 At inihilagpos ng isang lalake ang kaniyang pana sa isang pagbabakasakali, at tinamaan ang hari sa Israel, sa pagitan ng mga pagkakasugpong ng sakbat kaya't sinabi niya sa nagpapatakbo ng karo, Ipihit mo ang iyong kamay, at ihiwalay mo ako sa hukbo; sapagka't ako'y nasugatan ng mabigat." (2 Cronica 18:33) Dito ang Panginoon ay tinupad ang Kanyang Salita kahit na si Ahab ay nagbalat kayo ng kanyang sarili mula sa kaaway, hindi niya kayang ipagkaila ang kanyang sarili mula sibat ng Diyos. Sa mga tumatanggi sa Salita ng Diyos at ang kalooban ng Diyos, ang Panginoon ay kanilang kaaway. Hindi alam ni Ahab na sa kanyang kasamaan nagawang niya kaaway ang Diyos, at ang sibat na yaon ay tumama mula sa Diyos upang ipakita na ang Diyos ay kayang abutin ang masasamang tao at harapin sila saan man sila at anuman ang kanilang ginagawang pagtatago ng kanilang mga sarili upang tuparin ang Kanyang Salita, na si Ahab ay napatay, "34 At ang pagbabaka ay lumala nang araw na yaon; gayon ma'y ang hari sa Israel ay nanatili sa kaniyang karo laban sa mga taga Siria hanggang sa kinahapunan: at sa may paglubog ng araw ay namatay siya." (2 Cronica 18:34) at ang hukbo ay nagkalat katulad ng tupa na walang pastol. Pagkatapos si Ahab ay nasugatan sa labanan ay lumala ng araw na yaon at natunghayan niya kung paano tinupad ng Diyos ang Kanyang Salita na sinalita Niya sa pamamagitan ni Micheas. Pinatunayan Niya ang kanyang sarili na naging mangmang nang siya ay tumangging makinig sa payo ni Micheas at tinanggihan ang kanyang payo, "Makinig ka ng payo, at tumanggap ka ng turo, upang ikaw ay maging pantas sa iyong huling wakas." (Kawikaan 19:20) * Huwag maging mangmang at huwag tumangging makinig sa babala ng Diyos.

"1 At si Josaphat na hari sa Juda ay umuwing payapa sa kaniyang bahay sa Jerusalem.2 At si Jehu na anak ni Hanani na tagakita ay lumabas na sinalubong siya, at sinabi sa haring Josaphat: Tutulungan mo ba ang mga masama at mamahalin yaong mga napopoot sa Panginoon? dahil sa bagay na ito ay kapootan ang sasaiyo na

mula sa harap ng Panginoon.3 Gayon ma'y may mabuting mga bagay na nasumpungan sa iyo, sa iyong pagaalis ng mga Asera sa lupain, at inilagak mo ang iyong puso upang hanapin ang Dios." (2 Cronica 19:1-3) Hinayaan ng Panginoon si Jehoshaphat na bumalik sa kanyang tahanan ng ligtas at doon Kanyang ipinadala ang tagakita na si Jehu anak ni Hanani upang sawayin.

"1 At si Josaphat na hari sa Juda ay umuwing payapa sa kaniyang bahay sa Jerusalem. 2 At si Jehu na anak ni Hanani na tagakita ay lumabas na sinalubong siya, at sinabi sa haring Josaphat: Tutulungan mo ba ang mga masama at mamahalin yaong mga napopoot sa Panginoon? dahil sa bagay na ito ay kapootan ang sasaiyo na mula sa harap ng Panginoon. 3 Gayon ma'y may mabuting mga bagay na nasumpungan sa iyo, sa iyong pagaalis ng mga Asera sa lupain, at inilagak mo ang iyong puso upang hanapin ang Dios." (2 Cronica 19:1-3) Hinayaan ng Panginoon si Jehoshaphat na bumalik sa kanyang tahanan ng ligtas at doon Kanyang ipinadala ang tagakita na si Jehu anak ni Hanani upang sawayin siya para sa kanyang maling ginawa na ginawa niya sa pagtulong sa hindi makadiyos at pagmamahal sa kanila,.si Ahab at ang kanyang kasamahan, na namumuhi sa Panginoon. Ipinahayag niya sa kanya na ang galit ng Diyos ay dadarating sa kanya mula sa araw na susunod dahil sa kanyang ginawa. Ganon din ipinahayag sa kanya ng mabuti sa kanya na inalis niya ang puno sa Judah, na inalis niya ang mga bagay na hindi nais ng Diyos sa mga tao na gamitin upang dalhin ang mga tao sa Kanya, at itinalaga niya ang kanyang puso upang hanapin ang Panginoon. Bilang mga namumuno ng simbahan tayo ay gumawa at kumilos gaya ni Jehu ang anak ni Hanani, nang kanyang napagmasdan ang mga tao na kumilos gaya ni Jehoshaphat at isinama ang kanyang sarili sa mga hindi mananampalataya at sinimulang tulungan ang masama at ang mga namumuhi sa Panginoon, sawayin natin sila, ituwid natin sila, upang sila'y magsisi at sila'y nasa mabuting pananampalataya

Sa aking mahal at minamahal: Paano ka ngayon? Ikaw ba nanatiling matatag? Ikaw ay nanatiling matigas ang ulo at ayaw baguhin ang iyong isip? Kung ikaw ay ganoon sa gayon sigurado na ikaw ay malalagay sa malaking kaguluhalan kagaya ng nangyari kay Ahab at sa mga Israelita. Magpakumbaba at magsisi at umalis mula sa iyong masamang mga paraan at tanggapin ang pagsaway, ang payo at pagtutuwid upang ikaw ay maligtas. Huwag gumaya kay Jehoshaphat at umalis mula sa kasamahan ng maling mga tao at lumayo mula sa gawain ng masasama, sirain ang iyong ugnayan at ang iyong pangako sa kanila at bumalik sa simbahan ng Diyos upang hindi mo harapin ang kaparehong problema sa kanila.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos ako lumalapit sa harap mo sa pangalan ni Jesus na namatay sa Krus at nabuhay mula sa kamatayan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong Salita na malinaw na ipinakita sa akin na kailangan kong makawala mula sa maling samahan at bumalik sayo at sa iyong simbahan.

Ihayag ang iyong mga kasalanan at talikuran ang mga ito. Ihayag at talikuran ang iyong kasutilan at katigasan ng ulo, ang iyong pagmamataas at iyong pagkaalipin sa masasamang tao. Panginoon aking inihahayag at tinatalikuran ang sumusunod na maling pakikipagkaibigan at kaugnayan

Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili sa mga simulain na aking natutunan mula sa mensaheng ito. Panginoon tulungan mo ako upang magpatuloy na pumunta sa makitid na daan at makipot na pintuan, Panginoon protektahan mo ako mula sa gawa ng masasama at ibigay ang lahat ng aking pangangailangan.

Panginoon ako'y nananalangin para samin bilang isang simbahan upang tulungan kami, protektahan kami,at ibigay ang para sa amin upang magpatuloy maglingkod sayo at gawin ang iyong gawain at ang iyong kalooban. Panginoon punuin ulit kami ng Banal na Espiritu at bigyang daan upang makipagebanghelyo at abutin ang bagong mga tao ng Mabuting Balita ni JesuCristo at ng Salita ng Diyos.

Panginoon bigyan kami ng bunga ng Banal na Espiritu, kagalakan, kapayapaan, kababaang loob, pagpipigil sa sarili, kahinuhunan, pagtitiyaga, mahabang pagtitiis, pananampalataya at katapatan upang magpatuloy at maglingkod sayo sa isang mas mabuting paraang naglalarawan ng katangian ni Jesus sa ating buhay sa pagtulong sa iba na nasa mga kaguluhan na kailangan ang ating mga kamay, ang ating tulong, at ang ating mga panalangin, at tumayong matatag upang sabihin ang katotohanan sa mga sumasalungat sa atin at umuusig sa atin.

Panginoon kami'y nananalangin na bigyang daan kami upang makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan at upang abutin ang bagong mga tao ay bagong mga lugar. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami mula sa kapahamakan upang hindi namin maramdaman ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.